REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-116

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG LUBOS NA PAGSUPORTA NG LAHAT NG HALAL NA OPISYALES NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA BILANG "TAGAPAGTANGGOL NG MGA BATA (DEFENDERS OF CHILDREN)" AT PARA SA IBA PANG KAGAMITAN.

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas, matapos ratipikahan ang "Convention on the Rights of the Child" noong Hulyo 26, 1990 at lagdaan ang "World Summit Declaration on the Survival, Protection and Development of Children" noong Disyembre 16, 1990 ay nagsagawa at naglunsad ng "Philippine Plan of Action for Children (PPAC)" hanggang sa taong 2000 noong Enero, 1992;

SAPAGKAT, ang "Convention on the Rights of the Child" na inadopt noong Nobyembre 20, 1989 ng United Nations General Assembly ay nagkabisa sa pamamagitan ng isang "international agreement" noong Setyembre 2, 1990;

SAPAGKAT, ang "Mexico Declaration" na inadopt ng "Second International Colloquim of Mayors" sa Mexico City noong Hulyo 5-6, 1993 upang isaalang-alang ang paghubog ng isang "Municipal Plan of action" na magpapatupad sa mga adhikain na itinakda ng mga Pinuno ng Buong Daigdig sa ginanap na "World Summit on the Survival (kaligtasan), Protection (pangangalaga) at Pagpapaunlad (development) ng mga bata na ginanap noong Setyembre 2, 1993;

SAPAGKAT, kapansin-pansin ang paglaganap ng kahirapan sa mga kalunsuran at kabayanan at mahigit ikatlong bahagi ng mga bata sa mga papaunlad na bansa ay matatagpuan ngayon sa mga urban areas;

SAPAGKAT, ang nakakabahala ang mga bagay na sanhi ng kahirapan, kakulangan sa mga pangunahing pangangailangan, mahinang kalusugan at malnutrisyon, exploitative child labor, pag-abuso at pagpapabaya at ang kalagayan ng mga batang-lansangan;

SAPAGKAT, ang kinabukasan ng sankatauhan ay nakasalalay kung paano natin tuturuan at aarugain ang mga bata ngayqn na silang mamumuno sa atin sa ika-21 siglo;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



SAPAGKAT, sa bisperas ng makabagong sanlibong taon, lahat tayo ngayon ay mamamayan ng buong mundo, interdependent at inuugnay ng mga makabagong teknolohiya, transportasyon at komunikasyon, kaya't anoman ang ginagawa natin sa ating lungsod o bayan at komunidad ay maaaring makaimpluwensiya sa ibang lungsod, bayan at komunidad sa ibang bansa;

SAPAGKAT, ang kapakanang pambata at ang kapalaran nila sa hinaharap ay nakasalalay sa ating mga pinuno bilang mga magulang, tagapamahala at bilang mamamayan na hindi natin maaaring takasan o dili kaya'y balewalain sapagkat sila ang pag-asa ng ating bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ay pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan para sa mga bata ng Muntinlupa, ng bansa at ng buong mundo:

NA, kami, ang Punongbayan ng Muntinlupa, Pangalawang Punongbayan sampu ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ay nagpoproklama ng aming lubos na pangako na kami ay gaganap bilang "Tagapagtanggol ng mga Bata (Defenders of Children)";

NA, tinatawagan namin ang lahat ng sektor ng sambayanan, non-government organizations, charitable and welfare institutions na sumuporta sa layuning ito.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay magsasagawa ng tiyak na mga programa para sa mga bata na may kinalaman sa mga sumusunod:

a) Kalusugan
b) Nutrisyon
k) Patubig, Kalinisan at Kapaligiran
d) Karunungan
e) Wastong Pangangalaga ng mga Batang nasa mahirap na Kalagayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-64th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Nobyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Absent)
KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan